LEGAL AID SOCIETY
San Mateo County

THE HEALTH CONSUMER ALLIANCE
The Health Consumer Center of San Mateo County
www.healthconsumer.org

MAAARING MAGING KARAPAT-DAPAT ANG MGA BATA PARA SA PANGANGALAGANG DENTAL NA MAHIGIT PA SA INAAKALA NINYO

Mga Serbisyong Dental para sa mga Kabataan

Ang impormasyong ito ay para sa mga kabataang may insurance na Medi-Cal (at para sa mga magulang ng mga bata na may insurance na Medi-Cal). Kung Medi-Cal ang insurance ninyo at kayo ay wala pang 21 taong gulang, kayo ay karapat-dapat na makakuha ng mga serbisyong hindi maaaring makuha ng mga taong may sapat na gulang, na tinatawag na "mga serbisyo ng EPSDT." Ang mga serbisyong ito ay libre.

Ano ang mga serbisyo ng *Early and Periodic Screening, Diagnosis and Treatment* (EPSDT) [Maagap at Pana-panahong Screening, Diyagnosis at Paggagamot]?
Ang mga serbisyo ng EPSDT ay mga ekstra na serbisyo ng Medi-Cal. Maaari ninyong makuha ang mga ito bukod sa mga regular na serbisyo ng Medi-Cal. Hindi kayo kailangang mag-aplay para sa mga serbisyo ng EPSDT. Kung Medi-Cal ang insurance ninyo, automatikong karapat-dapat kayo para sa EPSDT. Kasama sa mga serbisyo ng EPSDT ang pangangalaga at ang paggagamot na dental upang ayusin o pabutihin ang mga problema ng ngipin na makikita ng inyong dentista.

Medi-Cal ang aking insurance at ako ay wala pang 21 taong gulang. Anong mga serbisyong dental ang ipinagkakaloob ng EPSDT?
Sa pamamagitan ng EPSDT, maaari ninyong makuha ang anumang pangangalagang dental na sa palagay ng inyong dentista ay kailangan ninyo, kasama ang mga serbisyo upang maiwasan ang mga problema ng

ngipin sa darating na panahon, upang ayusin ang mga kasalukuyang problema ninyo sa ngipin, upang magbigay ng pang-emergency na pangangalagang dental, at upang magbigay ng pangangalagang pang-orthodonture (tulad ng *braces*). Maaari kayong makakuha ng mga serbisyong dental na hindi saklaw para sa mga taong may gulang na mahigit na sa 20 taon. Maaari kayong makakuha ng mga serbisyong dental na wala sa *Denti-Cal Manual* ng inyong dentista. Ang ganitong mga serbisyong ay libre ayon sa EPSDT.

Paano kung sabihin ng aking dentista na ang mga serbisyo ay hindi saklaw ng Denti-Cal?

Hilingin sa inyong dentista na magsumite ng kahilingan sa Denti-Cal (tinaguriang "*Treatment Authorization Request*" [Kahilingan Para sa Autorisasyon ng Paggagamot] (TAR) form) at isulat ang "kahilingan para sa mga serbisyo ng EPSDT" sa TAR. Hindi malalaman ng inyong dentista kung ang mga serbisyo ay nasasaklaw hanggang hindi niya hilingin sa Denti-Cal. Huwag kayong pumayag na kayo ang magbabayad para sa anumang serbisyo!

Mayroon pa bang ibang dapat gawin ang aking dentista?

Oo, dapat sabihin ng inyong dentista sa Denti-Cal kung bakit iyong mga serbisyong kailangan ninyo ay nararapat para sa inyo. Dapat sabihin ng inyong dentista sa Denti-Cal:

- kung anong mga serbisyo ang kailangan ninyo,
- kung ano ang inyong dental na kasaysayan, diyagnosis at pagtaya ng pagkakataong gumaling,
- kung bakit ninyo kailangan ang mga serbisyo,
- kung paano makakatulong sa inyo ang mga serbisyo,
- kung gaanong katagal ninyo kakailanganin ang mga serbisyong dental.

Kung nangangailangan kayo ng mga serbisyong dental dahil sa isang karamdamang medikal, dapat ilakip ng inyong dentista ang isang sulat mula sa inyong doktor o therapist na nagpapaliwanag kung bakit makakatulong sa inyo ang mga serbisyong dental.

Paano kung hindi pahintulutan ng Denti-Cal ang mga serbisyo?
Kayo ay may karapatang humiling ng isang pagdinig (tinatawag din na "apela") sa loob ng 90 araw pagkatapos ng di-pagpapahintulot. Kumontak sa isang nagbibigay ng libreng serbisyo hinggil sa batas para sa tulong.

- San Mateo: Legal Aid Society of San Mateo County—Health Consumer Center: (800) 381-8898 o (650) 558-0915.
- Santa Clara: Bay Area Legal Aid: (408) 850-7066.
- Iba pang mga County sa Bay Area: Bay Area Legal Aid—Legal Advice Line: (800) 551-5554.

Paano kung ang insurance ko ay Medi-Cal na may restriksyon lamang (para lamang sa mga serbisyong pang-emergency at sa pagbubuntis)?
Hindi kayo makakatanggap ng mga serbisyo ng EPSDT kung ang insurance ninyo na Medi-Cal ay para lamang sa mga emergency. Pero maaari kayong makakuha ng mga dental screening sa ilalim ng ibang programa na tinatawag na CHDP. Upang mag-aplay para sa CHDP, tumawag sa 650- 573-2877 (San Mateo) o sa 408-494-7410 (Santa Clara). At, kung kayo ay buntis, maaari kayong tumanggap ng ilang mga serbisyong dental sa pamamagitan ng Medi-Cal para sa pagbubuntis. Kung mahirapan kayong makakuha ng mga serbisyong dental habang kayo ay buntis, tumawag sa inyong lokal na Health Consumer Center o sa isang nagbibigay ng libreng serbisyo hinggil sa batas para sa tulong. Baka maaari rin kayong makakuha ng full health insurance coverage, kasama ang mga benepisyong dental, sa pamamagitan ng programa na *Healthy Kids* sa inyong county. Kumontak sa 650-573-3595 (San Mateo) o sa 888-244-5222 (Santa Clara).

Maaari ba akong makakuha ng EPSDT kung ang insurance ko ay Medi-Cal na may *share-of-cost* [bahagi sa gastos]?
Oo, sa panahong masapatan ninyo ang inyong buwanang bahagi sa gastos [*share-of-cost*], maaari kayong makakuha ng mga serbisyo ng EPSDT sa buwan na iyon.

Ang polyetong ito ay ginawa ng Health Consumer Center sa Legal Aid Society of San Mateo County at tinangkilik ng Lucile Packard Foundation for Children's Health. Huling isinapanahon noong May 15, 2007.

Kagalang-galang na Dentista,

Ipinaliliwanag nitong sulat kung paano ko makukuha ang mga serbisyong dental na kailangan ko, kahit na ang mga ito ay wala sa Denti-Cal Manual.

Anong Mga Serbisyo Ang Maaari Kong Matanggap Ayon sa EPSDT
Ako ay isang bata na wala pang 21 taong gulang. Ayon sa batas pederal at sa batas ng California, ako ay may karapatang makakuha ng mga serbisyo ng EPSDT. Ang mga serbisyong dental ng *Early and Periodic Screening, Diagnosis and Treatment* (EPSDT) [Maagap at Pana-panahong Screening, Diyagnosis at Paggagamot] ay mga ekstra na serbisyo ng Denti-Cal. Maaari kong makuha ang mga ito bukod sa mga regular na serbisyo ng Denti-Cal. Ang mga serbisyo ng EPSDT ay magagamit upang iwasto o pabutihin ang mga problema ng ngipin na makikita ninyo, kahit na ang ganitong mga serbisyo ay hindi pahihintulutan para sa isang taong may gulang.

Ang mga serbisyong dental ng EPSDT ay ang alinmang serbisyong kinakailangan para sa:

- pagbibigay-lunas sa sakit at sa mga impeksyon;
- pag-aayos ng mga nasirang ngipin;
- pagpapanatili ng kalusugang dental.

Halimbawa, maaari akong makakuha ng full cast crowns sa mga ngipin sa hulihan, kung kinakailangan, kahit na ang mga ito ay hindi isang benepisyo para sa mga taong may gulang na 21 taon at mas matanda.
Kung kinakailangan dahil sa katwirang medikal, maaari akong makakuha ng orthodontia kahit na ang markang makuha ko sa HLD Index ay mas mababa sa 26 na puntos at wala ako ng isa sa limang automatikong kondisyong nagpapaging-dapat.

Kailan Nararapat ang mga Serbisyo ng EPSDT?
Sa karaniwan, kayo ang dapat humiling ng mga serbisyo ng EPSDT para sa akin kung kailangan ko:

- Ang isang dental na procedure na hindi nakalista sa kasalukuyang Manual of Criteria na kinakailangan dahil sa katwirang medikal.
- Ang isang dental na procedure na nakalista sa kasalukuyang Manual of Criteria na kinakailangan dahil sa katwirang medikal ngunit hindi ko nasasapatan ang ipinahayag na criteria.
- Ang isang serbisyong dental nang mas madalas kaysa sa kasalukuyang pinahihintulutan ayon sa criteria ng Programa.

Paano Makakuha ng Mga Serbisyo ng EPSDT

Mangyaring magsumite ng *Treatment Authorization Request* (TAR) [Kahilingan Para sa Autorisasyon ng Paggagamot] sa Denti-Cal para sa pangangalagang dental na kailangan ko. Dapat ninyong isulat ang "Evaluate under EPSDT Supplemental Services" sa espasyo para sa Comment sa TAR form. Dapat din ninyong ipaliwanag ang mga katwirang medikal o dental kung bakit kinakailangan ang mga serbisyo, kasama:

- ang kasaysayan ng pasyente
- ang diyagnosis at pagtaya ng pagkakataong gumaling
- pangangatwirang medikal o dental para sa mga hinihiling na serbisyo kasama ang mga layunin sa paggagamot at kung bakit hindi sapat ang isang regular na serbisyo ng Denti-Cal o ang isang mas murang paggagamot
- paglalarawan ng pakinabang sa pasyente (ito ay importante at dapat na puspusan)
- gaanong katagal kakailanganin ng pasyente ang mga serbisyo.

Kung hindi pahintulutan ng Denti-Cal ang TAR, ako ay magkakaroon ng karapatang iapela ang di-pagpapahintulot.

Mangyaring tingnan ang Denti-Cal Provider Bulletin, Volume 22, Number 34 (November/December 2006) para sa mga halimbawa ng lahat ng mga serbisyong makukuha sa ilalim ng EPSDT.
http://www.denti-cal.ca.gov/provsrvcs/bulletins/Volume_22_Number_34.pdf

Ang polyetong ito ay ginawa ng Health Consumer Center sa Legal Aid Society of San Mateo County at tinangkilik ng Lucile Packard Foundation for Children's Health. Huling isinapanahon noong Mayo 15, 2007.
www.healthconsumer.org